

Mga Kurso ng Nihonggo

(日本語学級)

Ang mga kurso ng Nihonggo ay pag-aaral na kung saan matututunan ang pakikipag-usap, pagbasa, pagsulat, mga paraan ng pamumuhay, kaugalian at higit sa lahat pag-aaral na kasama ang mga boluntaryo at mga kaibigan sa masayang paraan. Ang mga kursong ito ay nakalaan sa mga dayuhan at mga balik-bayan na nagma-hanapbuhay at maninirahan sa Kawasaki o sa kalapit Siyudad nito.

Ang mga kurso para sa semestrong ito ay idaraos sa Sentro ng Kultura at Edukasyon (Kyoiku Bunka-Kaikan), Fureai-kan, International Center at Citizen Hall (Shimin-kan) sa munisipalidad ng Saiwai, Nakahara, Takatsu, Miyamae, Tama at Asao.

Sa ano mang pagkakataon, mangyaring makipag-ugnayan sa mga nabanggit na lugar upang magtanong ukol sa detalye, araw at oras at ilang beses ginaganap ang klase at iba pang impormasyong nais malaman.

Walang Bayad ang lahat ng ito maliban sa International Center. Halina't pagbutihin ang inyong kakayahan sa wikang Hapon.



Bulaklak at Luntian



(花と緑の市民フェア)


Ang Citizens Flower and Greenery Fair ay gaganapin sa Todoroku Ryokuchi nitong buwan ng Mayo, Ika 28 (Sabado) hanggang 29 (Linggo). Sa ibentong ito, matutunghayan ang mga paligsahan ng halaman sa paso, makakapamilya ng mga bulaklak, nakapasong halaman at mga gulay, malilibang din sa mga eksibit ng may disenyong bulaklak at iba pa.

Sa 29, ika 1 ng hapon ay magdaraos ng pagtatanghal ukol sa pagpapala ng mga halamang ligaw sa buong taon, gayundin ang mga halamang tumubo sa bundok at bulaklak mula sa binhing buto. Ipakikilala ito ni ginoong Hironobu Kuji, ang hardinerong nagtatanghal sa NHK.

Sa magkasunod na araw ng 28 at 29 sa Todoroki Ryokuchi, magkakaroon din ng "Animal Land" kung saan maaaring sumakay sa munting kabayo (pony) at humipo at kumarga ng mga munting hayop.

Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa Citizens Flower and Greenery Fair Committee Office sa numerong 044-860-2462. Inaanyayahan ang lahat upang maranasan ang likas na tagsibol at maagang tag-araw sa Todoroki Ryokuchi.

Piyesta ng Musika sa Kawasaki



(川崎 音楽まつり)

Ang pagdaraos ng Music Festival ng Kawasaki 2005 ay gaganapin ng ika 10 ng Hulyo sa Kawasaki City Kyoikubunka-kaikan ngayong taon. Ang pagtatanghal ay binubuo ng maraming nakalilibang na musika at sayaw mula sa iba't ibang grupo kagaya ng Kawasaki Odori 2005, Ang Eastern District ground SDF Band, Ang Japan Maritime SDF Band mula sa Yokosuka at iba pa. Mapapanood ito ng walang bayad.

Sa mga interesadong manood nito, mag-apply sa pamamagitan ng pagpapadala ng returnable postcard, isulat ang inyong pangalan, tirahan at edad sa: Kawasaki Music Festival Committee, 3rd Floor, 7-1 Miyamoto-cho, Kawasaki ward, Kawasaki City. Ipadala ang inyong aplikasyon bago mag ika 20 ng Hunyo. Dalawang katao para sa isang aplikasyon.

Maaari din mag-apply sa Email: kawasakiplo@k9.dion.jp. Para sa iba pang detalye, tumawag sa Shimin Bunka Shitsu 044-200-2280.



Aplikasyon para sa Pabahay

(市営住宅入居者募集)



Mula ika-20 ng Mayo hanggang ika-2 ng Hunyo, 205 yunit ng bakanteng bahay ang magbubukas para sa aplikasyon ng mamamayan. Upang maka-apply para sa pabahay ng Siyudad, kinakailangan ang mga sumusunod na kuwalipikasyon: naninirahan sa Kawasaki nagta-trabaho sa Siyudad ng Kawasaki ng mahigit 1 taon hindi labis sa normal income ang tinatanggap na sahod nahihirapang humanap ng matitirahan at iba pa. Ang mga uri ng pabahay ay: standard family units, normal family units, single person units, elderly units, extended family units at marami pang iba.

Ang Application Forms ay matatagpuan sa Administration (Gyosei) Service centers, Ward Offices, Branch Ward Offices, at Kawasaki Municipal Housing Supply Public Corporation.

Pagkatapos sulatan ang dokumento ng pag-aaplay, suriing mabuti ang nilalaman nito, gaya ng petsa, uri ng pabahay, atbp bago ipadala sa: Kawasaki Municipal Housing Public Corporation. Sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa Kawasaki Municipal Housing Supply Project Operation Section Enrollment-in-charge, sa numerong 244-7578.



192

Hardin ng Rosas sa Ikuta Ryokuchi

(生田緑地バラ苑の開放)



Sa Ikuta Ryokuchi Rose Garden mag-libang sa panonood at pag-amoy ng may 4,700 bilang ng puno ng Rosas na may 533 uri na namumulaklak sa kasalukuyan. Ang Rose Garden ay bukas hanggang ika-6 ng Hunyo, (Linggo). Magbubukas araw araw tuwing alas 10 ng umaga at ika 9 ng umaga sa araw ng Sabado at Linggo. Magsasara sa oras ng alas 4 y medya at alas 4 naman ang huling pagtanggap ng papasok na bisita. Ito ay walang bayad. Upang marating ang Rose Garden, 12 minutong lalakaran mula sa istasyon ng Mukogaoka-Yuen ng Odakyu Line at 15 minuto naman mula sa istasyon ng Shukugawara ng Nambu Line. Bawal magpasok ng alagang hayop. Sa iba pang detalye, tumawag sa Park Manager ng Environment Section: 200-2394.

Noborito Challenge Shops

(チャレンジショップの募集)

Ang Kawasaki Chamber of Commerce ay nag-aalok ng Challenge Shop sa pamilihan ng istasyon ng Noborito para sa mga mamamayang walang tindahan o serbisyong pangangalakal sa kasalukuyan. Ang proyektong ito ay naglalayong makapagbigay ng pagkakataong makaranas ng pagtitinda ang mga mamamayang nais mag-umpisa sa pangangalakal. Tatlong bakanteng pwesto ng tindahan ang maaaring aplayan para sa ano mang layunin maliban lamang sa kainan at painuman (restoran). Maaari itong gamitin mula sa buwan ng Septyembre hanggang Agosto sa susunod na taon 2006. Kakailanganin ang ng bayarin para sa maintenance fee at management fee. Mag-apply hanggang 15 ng Hunyo sa Tama-Asao Branch office ng Kawasaki Chamber of Commerce. Makakahingi rin ng application form sa pamamagitan ng telepono at para sa iba pang detalye at impormasyon, tumawag sa Industry of Tourism section ng Economic Office: 044-200-2352.

Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail: kian@bremen.or.jp HP URL: <http://www.bremen.or.jp/kian/>